Mensahe Labindalawa

## Kinukuha ang Daan ng Buhay sa Pagbabawi ng Panginoon

Babasahin sa Kasulatan: Ruth 1:16-17, 20-21; 2:10-16; 3:1, 7-13; 4:9-15; Mat. 7:13-14

**I. Ang tatlong aklat ng Josue, Hukom, at Ruth ay naglalahad ng isang malinaw na larawan ng dalawang aspekto ng pagkilos ng Diyos: Ang pagkilos Niya sa Kanyang pang-ekonomiyang Espiritu, ang Espiritu ng kapangyarihan; at ang pagkilos Niya sa Kanyang pang-esensiyang Espiritu, ang Espiritu ng buhay—Huk. 13:25; 14:6; Juan 20:22; Gawa 1:8; Roma 8:2:**

A. Makikita natin kina Josue, Caleb, at lahat ng hukom ang pagkilos ng Diyos sa kapangyarihan; inilarawan ni Samson bilang isa na kumilos sa Espiritu ng kapangyarihan subalit hindi sa Espiritu ng buhay—Huk. 14:6.

B. Sa kasalungat, ang aklat ng Ruth ay isang aklat ng buhay; ang layunin ng aklat na ito ay hindi ang sabihan tayo ng anumang bagay tungkol sa kapangyarihan kundi ang ihayag ang mga bagay ng buhay sa sukdulan, ginagamit sina Noemi, Ruth, at Boaz bilang mga halimbawa—1:16-17, 20-21; 2:10-16; 3:1, 7-13; 4:9-15.

C. Sa pagbabawi ng Panginoon ay hindi natin dapat kunin ang daan ng mga hukom na maging makapangyarihan at gumawa ng dakilang gawain; kung kukunin natin ang daan ng kapangyarihan sa halip na daan ng buhay, anuman ang ating isinasakatuparan ay walang kabuluhan.

D. Mahalaga na makita natin na tanging buhay ang makapagbubunga ng Kristo—Luc. 1:35:

1. Tanging buhay ang makapagdadala ng Diyos tungo sa pagkatao, makapagbubunga ng Kristo, makapaghahain ng Kristo, at makapagtutustos ng Kristo sa buong pantaong lahi—Mat. 1:18, 20-21.
2. Ito ay isinakatuparan nina Ruth at Boaz, mga tao ng buhay, na kumuha ng daan ng buhay.

**II. Ayon sa dibino at walang hanggang kalikasan ng buhay ng Diyos, ang buhay ng Diyos ay ang namumukod-tanging buhay; tanging ang buhay ng Diyos ang maituturing na buhay—Juan 1:4; 10:10b; 11:25; 14:6:**

A. Ang buhay ay mahiwaga, sapagkat ang buhay ay ang Diyos mismo—1:1, 14; 5:26; Efe. 4:18:

1. Ang dibinong buhay ay maituturing na una at pangunahing katangian ng Diyos—b. 18; Juan 5:26; 1 Juan 5:11-12; Roma 8:2.
2. Ang buhay ay ang nilalaman ng Diyos at ang pagdaloy palabas ng Diyos; ang nilalaman ng Diyos ay ang pagkaDiyos ng Diyos, at ang pagdaloy palabas ng Diyos ay ang pamamahagi ng Kanyang sarili bilang buhay sa atin—Efe. 4:18; Apoc. 22:1.
3. Ang buhay ay si Kristo, at ang buhay ay si Kristo na namumuhay sa loob natin at naipamumuhay palabas sa atin—Juan 14:6; Col. 3:4; Gal. 2:20; Fil. 1:21a.
4. Ang buhay ay ang Espiritu Santo—Juan 14:16-17; 1 Cor. 15:45b; Roma 8:2; 2 Cor. 3:6.
5. Ang buhay ay ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos na naipamahagi tungo sa atin at namumuhay sa atin—Juan 1:14; 7:37-39; 20:22; Roma 8:10, 6, 11.

B. Ang layunin ng Diyos sa paglikha ng tao sa Kanyang larawan at ayon sa Kanyang wangis ay yaong matanggap Siya ng tao bilang buhay upang ang tao ay maging isang tao ng

buhay, isang Diyos-tao, naghahayag ng Diyos sa Kanyang mga katangian—Gen. 1:26; 2:9.

**III. Kailangan nating malaman ang kahulugan ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama at lubusang bumaling mula sa punong ito tungo sa puno ng buhay—bb. 9, 16-17:**

A. Ang puno ng buhay ay sumasagisag sa Tres-unong Diyos sa loob ni Kristo upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan bilang buhay sa anyo ng pagkain—b. 9.

B. Inihahayag ng Bagong Tipan na si Kristo ang katuparan ng sagisag ng puno ng buhay—Juan 1:1, 4, 14; 11:25; 14:6; 15:1, 5:

1. Nagsasalita tungkol kay Kristo, sinasabi ng Juan 1:4, "Nasa Kanya ang buhay"; ito ay tumutukoy sa buhay na isinasagisag ng puno ng buhay.
2. Ang buhay na inilarawan sa Genesis 2 ay ang buhay na isinakatawang-tao kay Kristo—1 Juan 5:11-12; Juan 1:1, 4, 14.
3. Kung pagsasamahin natin ang Juan 1:4 and 15:5, matatanto natin na si Kristo, na Siya mismo ay buhay at ang puno ng ubas din, ay ang puno ng buhay.

C. Ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay sumasagisag kay Satanas bilang ang pinagmumulan ng kamatayan sa tao—Heb. 2:14:

1. Ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay sumasagisag din sa lahat ng bagay na hiwalay sa Diyos.
2. Anumang bagay na hindi ang Diyos Mismo, kasama ang mabubuting bagay at maging ang mga ayon sa kasulatan at relihiyosong bagay, ay maaaring gamitin ni Satanas, ang tusong isa, upang dalhin ang kamatayan sa ekklesia—Mat. 16:18; Kaw. 16:25; 18:21.

D. Sa Juan 4, 8, 9, at 11 ay may apat na pangyayaring naglalarawan sa prinsipyo ng buhay laban sa mabuti at masama:

1. Dapat tayong magpahalaga hindi sa mabuti at masama kundi sa buhay—4:10-14, 20-21, 23-24; 8:3-9; 9:1-3; 11:20-27.
2. Ang pinakamainam na paraan upang kilalanin ang isang bagay ay ang kilalanin ayon sa buhay o kamatayan, hindi ayon sa tama at mali, mabuti at masama—Roma 8:6; 2 Cor. 11:3.

**IV. Si Kristo ang ating buhay—Col. 3:4:**

A. Ang buhay ng Diyos ay ang buhay ni Kristo, at ang buhay ni Kristo ay naging ating buhay—b. 4; Juan 5:26:

1. Upang maging ating buhay si Kristo ay nangangahulugang subhektibo Siya sa atin sa sukdulan—1:4; 14:6a; 10:10b; 1 Cor. 15:45b; Roma 8:10, 6, 11.
2. Imposibleng ihiwalay ang isang tao mula sa buhay ng taong iyon, sapagkat ang buhay ng isang tao ay ang tao mismo; kaya, ang sabihing si Kristo ang ating buhay ay nangangahulugang si Kristo ay naging tayo at yaong tayo ay may isang buhay at pamumuhay kasama Siya—Juan 14:6a; Fil. 1:21a.

B. Ang katotohanan na si Kristo ang ating buhay ay isang malakas na indikasyon na dapat natin Siyang kunin bilang buhay at ipamuhay Siya sa ating pang-araw-araw na buhay—Col. 3:4; Juan 6:57:

1. Si Kristo ay kailangang maging ating buhay sa isang praktikal at nararanasang paraan; araw-araw ay kailangan tayong maligtas sa Kanyang buhay—Col. 3:4; 1 Cor. 15:45b; Roma 5:10.
2. Ang bagong tao ay ang kusang kinalabasan ng ating pagkuha kay Kristo bilang ating buhay at pamumuhay sa Kanya—Col. 3:3-4, 10-11.

**V. May dalawang posibleng daan ng ating buhay at gawain sa harap ng Diyos—ang daan na humahantong sa buhay at ang daan na humahantong sa pagkawasak—Mat. 7:13-14:**

A. Upang kunin ang daan na humahantong sa buhay, kailangan tayong pumasok sa makitid na pintuan at pagkatapos ay lumakad sa makipot na daan—bb. 13-14:

1. Ang makitid na pintuan ay tumutuos hindi lamang sa panlabas na kilos bagkus gayundin sa panloob na motibo.
2. Ang lumang tao, ang sarili, ang laman, ang pantaong konsepto, at ang sanlibutan kasama ang kaluwalhatian nito ay pawang hindi kasama; tanging yaong tumutugma sa kalooban ng Diyos ang makapapasok—b. 21; 12:50.
3. Una, kailangan tayong pumasok sa makitid na pintuan at pagkatapos ay lumakad sa makipot na daan, isang daan na panghabambuhay at humahantong sa buhay—7:14.
4. Ang salitang *buhay* sa Mateo 7:14 ay tumutukoy sa magpakailanmang pinagpalang kondisyon ng kaharian, na puspos ng walang hanggang buhay ng Diyos; ang buhay na ito ay nasa realidad ng kaharian ngayon at mapapasapagpapakita ng kaharian sa darating na kapanahunan—19:29; Luc. 18:30.

B. Ang maluwang na daan ay ayon sa mga makasanlibutang sistema, binibigyang-kasiyahan ang mga natural na panlasa, upang makuha ang kalipunan, upang mapanatili ang karera ng tao, at upang maabot ang pinagsisikapan ng tao; ang pagkawasak na hahantungan ng maluwang na daan ay tumutukoy hindi sa kapahamakan ng isang tao kundi sa pagkawasak ng mga gawa at gawain ng isang tao—1 Cor. 3:15; Mat. 13:31-33; Apoc. 2:13, 20; 17:4-5.

C. Ang daan ng pagbabawi ng Panginoon ay ang daan ng buhay na humahantong sa isang buháy na gantimpala sa buhay sa pagpapakita ng kaharian ng kalangitan sa darating na kapanahunan—Awit 16:11; Jer. 21:8; Mat. 19:29; Luc. 18:30; 1 Cor. 3:13-15; 15:58.

**VI. Kailangan tayong mamuhay sa pamamagitan ng pandama ng buhay—ang damdamin, ang kamalayan, ng dibinong buhay sa loob natin—Roma 8:6; Efe. 4:18-19:**

A. Ang pinagmulan ng pandama ng buhay ay ang dibinong buhay, ang kautusan ng buhay, ang Espiritu Santo, si Kristo na nananahan sa atin, at ang Diyos na gumagawa sa loob natin—Roma 8:2, 10-11; Fil. 2:13.

B. Ang dibinong buhay ay ang pinakamataas na buhay, kasama ang pinakamayaman, pinakamalakas, at pinakamatalas na damdamin; ang damdaming ito ay ang pandama ng buhay—Efe. 4:18.

C. Ginagabayan tayo, pinamamahalaan tayo, kinokontrol tayo, dinidirektahan tayo ng pandama ng buhay, sinasanhi tayo na malaman kung tayo ba ay namumuhay sa dibinong buhay o sa natural na buhay at kung tayo ba ay namumuhay sa laman o sa espiritu—Roma 8:6.

**VII. Kailangan tayong maging matagumpay sa mga pagsalakay ng kamatayan sa ekklesia at itayo ang Katawan ni Kristo sa pagkabuhay na muling buhay ni Kristo—Mat. 16:18; Juan 11:25; Efe. 1:22-23; 4:16:**

A. Sa pamamagitan ng pagkabuhay na muling buhay ni Kristo sa ating espiritu, makapananagumpay tayo sa pagsalakay ng kamatayan sa ekklesia—Mat. 16:18; Gawa 2:24; 2 Tim. 1:10:

1. Simula sa Eden hanggang ngayon, ang kontrobersiya ng Diyos kay Satanas ay hinggil sa bagay ng kamatayan at buhay—Roma 8:6, 10-11; Heb. 2:15.
2. Ipinakikita sa atin ng Mateo 16:18 kung ano ang pinagmulan ng pagsalakay sa ekklesia—"ang mga pintuan ng Hades," yaon ay, ang kamatayan; ang sadyang puntirya ni Satanas ay ang ipalaganap ang kamatayan sa loob ng ekklesia, at ang pinakakinatatakutan niya pagdating sa ekklesia ay ang paglaban nito sa kanyang kapangyarihan ng kamatayan—Apoc. 2:8, 10-11.

B. Dapat tayong maging ensayado sa espiritu upang itayo ang Katawan ni Kristo sa pagkabuhay na muling buhay ni Kristo—Efe. 2:6, 21-22; 4:16; Apoc. 1:18; 2:8; Fil. 3:10:

1. Ang kalikasan ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo ay pagkabuhay na muli, at ang realidad ng pagkabuhay na muli ay si Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay—Juan 11:25; Gawa 2:24; Efe. 1:19-23; 1 Cor. 15:45b.
2. Kapag namumuhay tayo sa pamamagitan ng dibinong buhay sa loob natin, namumuhay tayo ng isang buhay sa pagkabuhay na muli para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—Fil. 3:10-11; Efe. 4:15-16; Col. 2:19; 3:15.

**VIII. "Alam nating tayo ay lumipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay sapagkat iniibig natin ang mga kapatid"—1 Juan 3:14a:**

A. Ang kamatayan ay sa diyablo, ang kaaway ng Diyos, si Satanas, na isinasagisag ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama, na nagdadala ng kamatayan—Gen. 2:9, 17.

B. Ang buhay ay sa Diyos, ang pinagmumulan ng buhay, na isinasagisag ng puno ng buhay, na nagreresulta sa buhay—bb. 9, 16-17.

C. Ang kamatayan at buhay ay hindi lamang dalawang pinagmumulan, si Satanas at ang Diyos; ang mga ito ay dalawang esensiya rin, dalawang elemento, at dalawang kinasasaklawan—Juan 5:24.

D. Ang lumipat mula sa kamatayan tungo sa buhay ay ang lumipat mula ng pinagmumulan, esensiya, elemento, at kinasasaklawan ng kamatayan tungo sa pinagmumulan, esensiya, elemento, at kinasasaklawan ng buhay; ito ay naganap sa panahon ng ating pagkasilang na muli—1 Juan 3:14a; Juan 3:3, 5, 15.

E. Alam natin—taglay ang panloob na kamalayan—na tayo ay lumipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay sapagkat iniibig natin ang mga kapatid; ang pag-ibig (ang pag-ibig ng Diyos) tungo sa mga kapatid ay isang malakas na ebidensiya nito—1 Juan 3:14a:

1. Ang pananampalataya sa Panginoon ay ang paraan upang tayo ay lumipat mula sa kamatayan tungo sa buhay; ang pag-ibig tungo sa mga kapatid ay ang ebidensiya na tayo ay lumipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay—Juan 5:24; 1 Juan 3:14a.
2. Ang magkaroon ng pananampalataya ay ang tanggapin ang buhay na walang hanggan; ang umibig ay ang mamuhay sa pamamagitan ng buhay na walang hanggan at ihayag ito—Juan 3:15, 36; 1 Juan 3:11, 14-18; 4:7-12, 16, 19-21.

*© 2021 Living Stream Ministry*